American Income Life Insurance Company
Executive Office: 1200 Wooded Acres Drive, Waco, Texas USA 76710
P.O. Box 2608, Waco, Texas USA 76702 • +1 (254) 761-6400 • Email: pos@ailife.com • www.ailife.com

**New Zealand Contact:** c/o AIL of New Zealand Limited
P.O. Box 15446 New Lynn, Auckland 0640 • (09) 827 9900 • Email: info@ailnz.co.nz • www.ailnz.co.nz



# Buod Ng Polisiya – Polisiya Sa Kritikal Na Karamdaman (Critical Illness Policy)

Sa Buod ng Polisiya na ito, ang mga salitang "kami", "amin/namin" at "kami" ay nangangahulugang ang *American Income Life Insurance Company*, ang tagaseguro sa ilalim ng Polisiya.

Ang mga salitang "ikaw/ka" at "iyo/mo" ay nangangahulugang ang tao na nakapangalan bilang "Nakaseguro" sa Iskedyul ng Polisiya.

## Ang Polisiya ay nagbibigay ng mga benepisyo para sa unang diyagnosis ng nasaklawang kritikal na karamdaman

May seguro ang Polisiya sa unang pagkakataong nadiyagnos na may kritikal na karamdaman ang isang Nasaklawang Tao sa ilalim ng Polisiya.

Ang Polisiya ay sumasaklaw sa anim na kritikal na mga karamdaman. Ang mga ito ay:

- atake sa puso;
- stroke (atake-serebral);
- nasa katapusang di-paggana ng bato;
- mahalagang organ transplant;
- kabuuang pagkawala ng pandinig; at
- kabuuang pagkawala ng paningin.

Gayunpaman, sasaklawan lamang ng Polisiya ang kritikal na mga karamdaman para sa isang Nasaklawang Tao kung matutugunan ang mga kondisyon ng Polisiya, kabilang ang mga limitasyong nakalapat sa bawat kritikal na karamdaman.

Ang "Nasaklawang Tao" ay nangangahulugang ikaw at ang bawat miyembro ng iyong pamilya na nakaseguro sa ilalim ng Polisiya.

## Ikaw ay may karapatang kanselahin ang Polisiya sa loob ng 10 araw ng trabaho

Kung pipiliin mong kanselahin ang Polisiya sa loob ng 10 araw ng trabaho sa pagkatanggap nito mula sa amin, kung gayon, kami at ikaw ay nasa dating sitwasyon na parang walang na-isyu na polisiya. Sa ganitong kaso, ibabalik namin sa iyo ang anumang premium (perang naihulog) na nabayaran mo na.

**Ang layon ng Buod ng Polisiya na ito ay upang ipaliwanag ang ilan sa mga pangunahing katangian ng Polisiya.**

Ang Buod ng Polisiya na ito ay isang maikling pangkalahatang pagtunghay lamang at hindi bahagi ng kontrata mo sa amin.

MANGYARING BASAHING MABUTI ANG POLISIYA KAPAG NATANGGAP MO NA ITO.

Ang aktwal na Polisiya ay may kumpletong impormasyon at nagtatakda ng anumang mga limitasyon.

Maaari mong kanselahin ang Polisiya sa pamamagitan ng pag-abiso:

- sa amin, sa aming mga detalye ng kontak sa itaas; o
- sa tagapayo ng *AIL sa NZ* na nagbenta nito sa iyo.

Kung kakanselahin mo ang Polisiya makalipas ang 10 araw ng trabaho sa pagkatanggap nito, hindi namin ibabalik ang anumang premium na nabayaran mo na.

## Ang iyong asawa, partner sa civil union (kasal sa huwes) o partner na de facto ay maaaring maiseguro sa ilalim ng Polisiya

Ang iyong asawa, partner sa civil union o partner na de facto ay maaaring maiseguro sa ilalim ng Polisiya.

Ngunit sa bawat kaso, upang maiseguro, sila ay dapat pangalanan sa aplikasyon o idagdag sa Polisiya makaraang ma-isyu ito.

Naglalaman ang Polisiya ng detalyadong mga kondisyon kung kailan matatapos ang seguro para sa iyong asawa, partner sa civil union o partner na de facto sa ilalim ng Polisiya.

## Ang Polisiya ay nagbibigay ng mga benepisyo sa ilalim ng ilang mga limitasyon

Babayaran lamang namin ang natutukoy na benepisyo kung ang kritikal na karamdaman ay unang lumitaw makalipas ang unang 30 araw ng pag-iral ng Polisiya. Ang kritikal na karamdaman ay unang "lumitaw" kung may mga sintomas na kaugnay sa kritikal na karamdaman na naging sanhi ng pagpapatingin, pagpapaalaga o pagpapagamot ng isang ordinaryong maingat na tao.

Makalipas ang unang 30 araw na iyon, babayaran namin ang naaakmang benepisyo kung ang Nasaklawang Tao ay unang nadiyagnos na may kritikal na karamdaman na nasaklawan habang umiiral ang Polisiya. Ibig sabihin ng "umiiral" (in force) ay hindi pa huminto ang pagsaklaw ng seguro.

Ang halaga na aming babayaran ay nakasaad sa Iskedyul ng Polisiya. Babayaran namin ang kalahati ng halagang iyon kung ang Nasaklawang Tao ay unang nadiyagnos na may kritikal na karamdamang kasama sa saklaw makaraan ang anibersaryo ng Polisiya na kasunod ng kanyang ika-65 taong kaarawan.

Kapag nabayaran na namin ang benepisyo, ang seguro para sa Nasaklawang Tao ay magtatapos na sa ilalim ng Polisiya.

(09) 827 9900 info@ailnz.co.nz ailnz.co.nz
PO Box 15446, New Lynn, Auckland 0640

## Maaari kaming tumangging magbayad ng mga benepisyo kung magsasabi ka nang hindi tama sa iyong aplikasyon

Kung magsasabi ka sa amin nang hindi tama sa iyong aplikasyon para sa Polisiya (o hindi magsama ng isang bagay), kung gayon, sa unang dalawang taon (kung pinapahintulutan ng batas) maaari naming:

- kanselahin o pawalang-saysay ang Polisiya; at
- tanggihang magbayad ng anumang mga paghahabol na iyong gagawin.

Makalipas ang dalawang taon na iyon, hindi namin kakanselahin o ipawawalang-saysay ang Polisiya o tatanggihang bayaran ang anumang mga paghahabol kung may sinabi kang hindi tama sa iyong aplikasyon (o hindi ka nagsama ng isang bagay). Maliban kung ikaw ay naging mapanlinlang sa paggawa nito.

## Hindi kami magbabayad ng anumang benepisyo sa ilang mga pangyayari

Ang Polisiya ay nagseseguro lamang ng ilang kritikal na mga karamdaman. Ang mga detalye ng bawat nasaklawang kritikal na karamdaman ay nakasaad sa Polisiya. Ang kanser ay hindi nakaseguro sa Polisiya.

Hindi namin babayaran ang benepisyo kung ang unang diyagnosis ng saklaw na kritikal na karamdaman ay ginawa sa labas ng New Zealand, Australya, o Estados Unidos.

Hindi namin babayaran ang mga benepisyo para sa kritikal na karamdaman kung ang kawalan ay sanhi o inambagan ng:

- paglahok sa isang pag-atake, isang krimen na may parusang pagkabilanggo, kaguluhan o pag-aalsa;
- mga karamdamang pangkaisipan o emosyonal;
- pagpapakamatay o anumang pagtatangkang magpakamatay, habang nasa tama o wala sa tamang pag-iisip, o mula sa sinadyang pagpinsala sa sarili;
- digmaan o anumang kilos-digmaan, o anumang pinsalang nangyari habang nagsisilbi sa mga hukbong-sandatahan na kasangkot sa digmaan, idineklara man o hindi;
- pag-inom o nasa ilalim ng impluwensya ng alak o iba pang nakalalasing (maliban sa ligal na mga droga na inireseta ng doktor).

## Dapat bayaran ang regular na premium

Ang regular na mga premium ay dapat ibayad sa amin upang panatilihing umiiral ang Polisiya. Ang halaga ng premium ay nakasaad sa Iskedyul ng Polisiya.

Kung ang premium ay hindi nabayaran bago dumating ang takdang petsa, naglalaan kami ng 31 araw para mabayaran ang premium.

(09) 827 9900 info@ailnz.co.nz ailnz.co.nz
PO Box 15446, New Lynn, Auckland 0640

## Awtomatikong napapanibago ang Polisiya

Ang Polisiya ay garantisadong mapapanibago hanggang sa umabot ka sa edad na 80 taong gulang. Ito ay sa kondisyong ang mga premium ay nabayaran at natugunan mo ang iyong mga obligasyon sa ilalim ng Polisiya. Hangga't umiiral ang Polisiya at natutugunan mo ang iyong mga obligasyon sa ilalim ng Polisiya, hindi namin makakansela ang Polisiya o makapaglalapat ng anumang karagdagang mga paghihigpit dito.

Kami ay may karapatang baguhin ang mga halaga ng premium sa pagpapanibago ng Polisiya. Ang ganitong pagbabago ay ilalapat sa lahat ng mga polisiya sa New Zealand na may parehong anyo sa Polisiya. Bibigyan ka namin ng 31 araw na paunawa tungkol sa pagbabago.

## Paano ka makagagawa ng paghahabol (claim)

Dapat mo kaming abisuhan (o ang tagapayo ng *AIL sa NZ*), nang pasulat, ng isang paghahabol sa loob ng 60 araw ng unang diyagnosis ng saklaw na kritikal na karamdaman, o sa lalong madaling panahon makaraan ang panahong iyon.

Padadalhan ka namin ng mga form ng paghahabol (claim forms) na iyong kukumpletuhin kapag naabisuhan mo na kami ng iyong paghahabol.

Dapat mong kumpletuhin ang mga form ng paghahabol at ibalik ang mga ito sa amin (o sa tagapayo ng *AIL sa NZ*), kasama ang kinakailangang suportang impormasyong medikal. Dapat mong gawin ito sa loob ng 90 araw mula sa petsa ng unang diyagnosis ng nasaklawang kritikal na karamdaman. Kung hindi makatwirang makumpleto at maibalik ang mga form sa takdang petsang ito, maaari kang bigyan ng dagdag na panahon upang gawin ito (na nakadetalye sa Polisiya).

May tiyak na mga kahingian sa mga paghahabol para sa ilang nasaklawang kritikal na mga karamdaman. Halimbawa, kailangan ng ebidensyang neurolohikal (na inilarawan sa Polisiya) kung ang iyong paghahabol ay kaugnay ng stroke (atake-serebral).

Ang mga benepisyong babayaran sa ilalim ng Polisiya ay aming babayaran sa sandaling matanggap namin ang nakasulat na patunay ng unang diyagnosis ng saklaw na kritikal na karamdaman.